TWR WOMEN OF HOPE

# ILAW NG PAG-ASA

## Kalendaryo ng Panalangin

2026년 5월

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 110,000 na mga tao



**Panalangin para sa Silangan at Timog Africa**

Sa Tigray, Somali, at sa Afar na rehiyon ng Ethiopia, ang mga kababaihan ay nagtitiis sa hirap ng buhay dahil sa walang katapusang pag-aaway, mapaminsalang mga tradisyon, at malubhang kakulangan sa tubig sanhi ng tagtuyot. Ang mga kababaihan sa Tigray ay nagdurusa mula sa malalim na pilat ng digmaan, karahasan, at kalungkutan ng pagkawala ng tahanan. Sa rehiyong Somali, ang mga kababaihan ay walang oras para sa kanilang sariling buhay dahil ginugugol nila ang kanilang panahon sa paghahanap ng tubig at panggatong, kasabay ng pakikipagtunggali sa ibang mga tribo at maagang pag-aasawa. Ang mga kababaihan sa Afar ay nakikipaglaban din upang mabuhay sa gitna ng hidwaan ng mga tribo at panahon ng matinding tagtuyot. Ang grupo ng Women of Hope sa Africa ay personal na dumadalaw sa mga liblib na nayon upang mamahagi ng maliit na radyo na pinapaandar ng solar, ikinakalat ang Liwanag ni Cristo sa pamamagitan ng kanilang programa. Nawa ay matagpuan ng mga kababaihan sa Ethiopia si Jesu-Cristo, maputol ang tanikala ng kawalang pag-asa, ar magkaroon ng tunay na pag-asa habang ang kanilang kaluluwa ay ginagawang bago.

카카오톡 채널에서 '소망의 여인들' 채널을 추가하시면 매주 월요일에 한국어 기도카드를 받으실 수 있습니

**1**. Panginoon, pagalingin Mo ang mga kababaihang Angolan na nasugatan dahil sa giyera, kahirapan at pagkawala ng minamahal. Ipagkaloob Mo ang kanilang pang-araw-araw na pangangailangan at pagkalooban Mo sila ng pag-asa. " Kanyang pinagagaling ang mga may pusong wasak, at tinatalian ang kanilang mga sugat." (Ps 147:3).

**2**. Diyos, protektahan Mo ang bawat kababaihang mahina sa Botswana mula sa pagsasamantala at pang-aabuso at palayain ang mga naaapi. Nawa ang Iyong makapangyarihang pagpapagaling ay magdala ng kagalingan sa boong pagkatao ng mga biktima ng karahasan. (Ps. 9:9)

**3**. Panginoon, itaas Mo ang mga kababaihang Comoros na nasilo ng kahirapan at pagkakahiwalay. Pagkalooban Mo nawa sila ng pag-asa, sapat na nutrisyon at pagkakataong makapag-aral. (1 Pet. 5:7)

**4**. Ama, nawa ang mga mag-asawa sa Eswatini ay gumalang sa kanilang sumpa bilang mag-asawa at piliin na ayusin ang kanilang mga hindi pagkakaunawaan upang ang mga pamilya ay hindi masira ng paghihiwalay o diborsyo. (Eph. 5:31-33)

**5**. Diyos, palakasin Mo ang mga mananampalataya sa Ethiopia na inuusit dahil sa kanilang pananampalataya. Nawa ay makipag-isa sila kay Jesus at makatagpo ng biyaya na tumindig para sa Iyo. (1 Pet. 4:13-14)

**6**. Panginoon, ingatan Mo ang mga kababaihang Kenyan mula sa karahasan at pang-aabuso dahil sa kanilang kasarian. Pagkalooban Mo sila ng tapang, hustisya at kagalingan, dahil Ikaw ang kanilang malaking bato, at muog sa oras ng kagipitan. (Ps. 18:2)

**7**. Panginoon, putulin Mo ang sumpa ng maagang pag-aasawa sa Madagascar sa pagbubukas Mo ng mga pagkakataon na makapag-aral ang mga batang babae at pagpalain Mo sila ng karunungan at hindi matitinag na layunin. (Ps. 138:8)

**8**. Diyos, protektahan Mo ang mga kababaihang Mauritius mula sa illegal na pangangalakal ng tao, karahasan at pagsasamantala. Magdala ka nawa ng agarang hustiya, ganap na kagalingan at walang hanggang kapayapaan sa pamamagitan ng Iyong makapangyarihang pag-ibig. (Ps. 34:18)

**9**. Ama, sa pangalan ni Jesus, pagalingin Mo ang South Africa mula sa mapanganib na kaugaliangang patriyarka na naglalagay sa mga kababaihan sa kapahamakan at nalilimitahan ang kanilang kaligtasan, kalusugan at kalayaan na makapaghanap buhay. (Gal. 3:28)

**10**. Ama, magdala Ka ng kagalingan sa kababaihan sa Tanzania na nagdurusa mula sa karamdaman, emosyonal na trauma at mga sugat sa espiritu. Nawa ay makatagpo sila ng kapayapaan at kalusugan sa Iyo. (Isa. 61:1-3)

**11**. Nawa ay kilalanin ng mga kababaihan sa Botswana ang halaga nila sa Iyong paningin, Panginoon. Loobin Mo na magamit nila ang kanilang mga talento para sa Iyo bilang mga tagapanguna ng kanilang pamilya at komunidad. (Eph. 2:10)

**TWR Korea 북방선교방송**
서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층
전화 (02)886-5671 / 이메일 hskim@twrk.or.kr

**12**. Panginoon, pahintuin Mo ang kasuklam suklam na panggagahasa sa mga babaeng Eswatini kapag sila ay pupunta sa kanilang mga tiyuhin at iba pang kamaganak para humingi ng tulong sa kanilang mga bayarin at kagamitan sa eskwela. (Ps. 82:4)

**13**. Sinabi sa Iyong salita na pinapalaya Mo ang Iyong mga mamamayan "mula sa kamatayan at pinapanatili Mo silang buhay sa taggutom." Ama, ipagkaloob Mo ang mga pangangailangan ng Iyong mga anak sa Somali rehiyon ng Kelafo. (Ps. 33:18-19)

**14**. Diyos, palayain Mo mula sa kaharian ng kadiliman patungo sa Iyong kaharian ng Liwanag at buhay ang mga kababaihang South Africanna  na tinuturuan ng mga panggagamot sa pamamagitan ng dahon at orasyon. (Col. 1:13)

**15**. Panginoon, magdala Ka ng kaginahawang pinancial, trabaho at pagkakataon sa negosyo ang mga kababaihan sa Tanzania, pagpalain Mo ang mga gawa ng kanilang mga kamay at maputol nawa ang ikot ng kahirapan. (Phil. 4:19)

**16**. Ama, dalangin namin ang pagboong muli ng mga pamilyang Botswana. Nawa ay magkaroon ng kapayapaan, komunikasyon at kagalingan sa lahat ng kanilang mga relasyon. (Rom. 12:18)

**17**. Panginoon, dalangin namin ang pagtigil ng pang-aapi sa mga kababaihan sa Eswatini dahil sa kasarian. Nawa ang pagpatay sa mga kababaihan ng mismong kanilang mga mahal sa buhay ay mahinto na sa pangalan ni Jesus. (Prov.11:29)

**18**. Diyos, magdala Ka ng kapayapaan sa Tigray na rehiyon ng Ethiopia. Gumawa Ka sa puso ng mga tagapamuno upang ang pagdurusa ng mga tao ay matigil. (Ps. 27:1-3)

**19**. Panginoon, putulin Mo ang mga maling paniniwala sa South Africa na nagpapababa sa pagkatao ng mga babaeng walang asawa. Nawa ay malaman nila ang kanilang halaga sa Iyo upang hindi nila maramdaman na sila ay obligadong mag-asawa. (1 Cor. 7)

**20**. Ama sa langit, hiling namin ang Iyong pag-iingat sa mga kababaihan at mga batang babae sa Tanzania na naikakalakal, na pagsasamantalahan at nalilinlang. (Ps. 127:7-8)

**21**. Panginoon, pagkalooban Mo ang mga kababaihan sa Botswana ng kalakasan at dignidad upang sila ay makapagsalita at makapamuhay na may karunungan at maharap ang kinabukasan nang walang takot. (Prov. 31:25)

**22**. Ama, dalangin namin ang mga bata sa Eswatini na namumuhay sa kahirapan, tumatayong tagapanguna ng kanilang sambahayan at mayroong mabigat na responsibilidad ng pag-aalaga sa kanilang mga nakababatang kapatid. (Prov. 19:17)

**23**. Diyos, Ikaw ang patas na hukom at nakikita Mo ang mga kababaihan sa Ethiopia na nakakaranas ng pang-aapi. Ipagtanggol Mo sila, Panginoon, upang matanggap nila ang katarungan. (Ps. 103:6)

**24**. Panginoon, palayain Mo nawa ang mga kababaihan sa South Africa na nalilinlang ng mga masamang kalalakihan na relihiyoso na nangangaral ng Iyong Salita ngunit ang puso at gawa ay malayo sa Iyo. (Matt. 15:8-9)

**25**. Ama, ilayo Mo ang mga batang babae sa Tanzania mula sa maagang pag-aasawa at maagang pagbubuntis, upang mapangalagaan ang kanilang kinabukasan para sa Iyo. (Jer. 29:11)

**26**. Panginoon, magdala Ka ng emosyonal na katatagan, kapayapaan sa isip at kalayaan mula sa pagkabalisa, depresyon at takot sa mga kababaihan na dumadaan sa pagpapagaling mula sa sa Zanzibar at Pemba. (Ps. 34:4)

**27**. Gawin Mo nawa na ang mga kababaihan sa Botswana ay maging matatag sa Iyo, Ama, sa kanilang pagharap sa mga hamon at pagkabalisa sa buhay sa pamamagitan ng Iyong biyaya at karunungan. (James 1:5)

**28**. Diyos, pamahalaan Mo ang lahat ng mga bansa. Dalangin namin ang mapayapa at patas na eleksyon sa Ethiopia sa darating na Hunyo. Nawa ang matuwid at makatarungang mga tagapanguna ang mahalal. (Prov. 29:4)

**29**. Panginoon, magdala Ka ng hustisya, pag-iingat at pagpapanumbalik sa mga kababaihang South African na napagsamantalahan ng mga taong dapat sana ay sumusuporta sa kanila. (Exodus 14:14)

**30**. Diyos, dalangin namin ang kapayapaan, pagkakaunawaan at pagmamahal sa mga pamilya at pag-aasawahan sa Tanzania. Magdala Ka ng kagalingan sa mga relasyong nasira. (Col. 3:15)

**31**. Tulungan Mo nawa ang mga kababaihan sa South Africa, Ama, upang sila ay magtiwala at magpakaligaya sa Iyo, manampalataya sa Iyong Salita at tanggapin kung gaano Mo sila pinapahalagahan. (Ps. 37)

**후원안내**
**국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송**
**최초 입금 후 사무실로 연락주시기 바랍니다.**